Chapter One

"Ano ba'ng sinasabi mong babaita ka?" Wala sa sariling nasabunutan ni Dawn ang maikli at kulot niyang buhok, at isinalampak ang pang-upo sa dambuhalang kama.

Pumapasok ang hangin mula sa nakabukas na sliding glass doors, dinadala ang amoy ng dagat. Morning sunlight bathed the room, warming the dark hardwood floors and pebbled-wash walls. The simple room was just freaking gorgeous. Perpekto na sana ang lahat kung hindi lang tumawag si Marga para isiwalat ang isang makapanindig-balahibong balita.

"'Asan ka?" asik niya at hinigpitan ang hawak sa phone. "Ba't wala ka pa dito?"

"Dawn, please. You have to help me. I can't take

this anymore. Just… keep him busy for the next few days, please. I just need to get away for a while. I… oh God, I think I love Jerome."

Napapikit si Dawn at napahawak sa kanyang dibdib. Para siyang aatakehin sa puso. "Marga, girl, ano ba'ng ginagawa mo? May boyfriend ka, remember? Si asshole Damon?"

Judgmental na kung judgmental. After all, hindi sila madalas magkasama ng lalaki kaya hindi niya talaga ito personal na kilala. Pero sa iilang beses na nakasama niya 'to at base sa kwento ng kaibigan niya, the guy was a snobbish asshole. Tingin pa lang nito, mapang-insulto na. "Dawn, please!"

"No! Anong please please? Hindi pwede! Ang dali-dali ng solusyon, Marga. Ba't di ka muna makipag-break?"

"You don't know him. You don't know our family, I just, God, please, Dawn—"

"No! You can't do this to me! Gusto mo bang magka-aneurysm ako? Huwag mo 'kong pabayaan dito kasama 'yung—"

"Please, Dawn! Ngayon lang. Kailangan ko lang ng time. I just need to be with Jerome for now, please. D'yan ka muna. Damon needs this account. He hates people ruining his plans. Kailangan niya ng kasama d'yan kasi ini-expect ng mga kliyente—"

"No! Pumunta ka dito at ayusin mo 'to. Hindi

ako magiging proxy mo sa boyfriend mo! Hindi ko pinangarap na makisawsaw sa problema n'yo. Huwag mo 'kong idamay dito! Pumunta ka na agad dito!"

"I can't. Dawn, nasa Paris ako."

"Oh my gawd." Pinaalalahanan niya ang sariling huminga nang tama. "Marga, girl, ano ba'ng ginagawa mo?"

"Dawn, please, ngayon lang. Darating na siya d'yan. He's always on time. Do me this favor, please, ngayon lang. Please—"

"No, no, no! No—"

"Just don't tell him anything. Tell him may emergency. Please, I have to go. Ngayon lang, please."

"No!" Pero wala na siyang kausap sa kabilang linya.

Mabilis niyang pinindot ang numero ng best friend niya pero operator na ang sumagot sa kanya. Diniinan ni Dawn ang dibdib niya. Nahihirapan siyang huminga. Tubig, tubig, kailangan niya ng tubig. Inabot niya ang pitsel sa mesita sa tabi ng kama pero nakarinig siya ng mga boses sa labas ng silid. "Oh, God!"

Hindi na siya nag-isip. Tumayo siya at tinakbo ang nakabukas na salaming pinto papunta sa outdoor deck. May hagdan doon pababa sa mabuhanging pathway papuntang aplaya.

She couldn't let the guy see her! Kung paniniwalaan niya ang mga kwento ni Marga, sadista

ang nobyo nito.

Dali-dali siyang kumaripas ng takbo at bumaba ng hagdan. Thank God at naka-shorts at rubber shoes siya kaya hindi siya nahirapang tumakbo.

Napapalibutan ng mga halaman at puno ang buong villa, pero tanaw ang aplaya sa halos lahat ng bahagi nito. Ilang metro lang ang layo ng mala-paraisong beach, tamang-tama para sa strolling at evening meals. Too bad mukhang mauunsyami pa ang bakasyon grande ni Dawn.

No! She could find a way around this!

Hahanap siya ng staff at hihingi ng ibang silid. She was a guest here. Sabi sa mga review ay highly accommodating ang staff, sigurado siyang matutulungan siya ng mga itong makakuha ng ibang matutuluyan. Hindi peak season dahil tag-ulan, marami sigurong bakanteng casita. Not the best month to go frolicking in the sand, but beggars couldn't be choosers. Nilibre lang siya ni Marga. But wait a minute, ililibre pa rin ba siya ng kaibigan kung hindi niya haharapin ang boyfried nito?

Anak ng tipaklong, baka hindi kayanin ng credit card niya! *Marga, you bitch!*

Damn, asan na ba ang–

"Shit!" mura niya nang mapansing wala siyang dala.

So freaking stupid!

Bago pa makarating sa isla, ihiniwalay na sa kanya ng staff ang kanyang mga bagahe. Sitting pretty na ang apat niyang bag sa wardrobe closet pagdating niya sa villa.

Yes, may apat na overnight bags siya para sa apat na araw at apat na gabi sa isla. She's a girl, damn it.

Tumakbo siya pabalik ng villa.

Thankfully, mukhang wala pa ring tao sa silid.

She could do this!

She dashed inside the room and hurried to the *en suite* bathroom. Hinagilap niya ang kanyang mga bags sa malaking walk-in closet, at halos lumipad siya palabas ng banyo.

Pero biglang bumukas ang pinto ng silid.

No!

Napaharap si Dawn sa pinto at mahigpit niyang niyakap ang kanyang mga bags. At hayun sa harapan niya, ang kabuuan ng lahat ng mga halimaw sa panaginip niya.

Naningkit ang mga mata ni Damon Quentin Fajardo nang makilala siya. "What the hell are you doing here?" Inilibot nito ang hazel brown na mga mata sa paligid ng silid. "'Asan si Marga?"

"Sa Paris–" Napasinghap siya at natutop ang bibig.

Parang laser na bumalik sa kanya ang mga mata ng lalaki. "What?"

"Nothing! I'm leaving now. See?" Itinaas niya ang

mga bags.

Tumakbo ulit siya papunta sa balkonahe pero hinablot ng lalaki ang kanyang braso. Sinabi ba niyang ito ang kabuuan ng mga halimaw sa mga panaginip niya?

Well, symbolically speaking, totoo iyon. Pero malayo sa mga pangit na monsters ang mukha si Damon Fajardo. He looked like a god. Kitang-kita ang Spanish blood sa kulay at mukha ng lalaki. Prominent cheekbones and jaw, chiseled mouth, deep set and honey-colored eyes—ganito iyong ginagawang modelo sa mga paintings noong Romantic Era.

Akala ni Dawn ay artista ito nang ipakilala sa kanya ni Marga noong college sila. Para itong pangarap na nagkatotoo para sa mga babae. Too bad hanggang mukha lang nito ang pangarap. Bangungot ang ugali nito.

"Where the hell is Marga?"

"Hindi ko alam. Ba't tinatanong mo 'ko? Wala 'kong alam. Aalis na 'ko, sige."

"Nasaan si Marga?" mas mariin nitong ulit.

"Hindi ko talaga alam." Umiling pa siya."Promise!"

Nanatiling matalas ang titig ni Damon sa kanya, at habang hawak pa rin siya, dinudukot nito ang phone sa bulsa. Pinindot nito ang keypad.

Oh, gawd. Sa bawat segundong lumilipas, alam ni Dawn na lumiliit ang chance niyang mag-survive.

"Look, aalis na 'ko. Nasa paligid lang si Marga."

"Quiet." Tumiim-bagang ang lalaki habang nakadikit ang phone sa tainga nito.

Hindi niya narinig, pero sa pagtigas lalo ng mukha ni Damon, alam niyang operator din ang sumagot dito sa numero ni Marga. Unti-unti siyang lumayo kahit hawak pa rin nito ang kanyang braso.

"Ah, ano, hintayin mo na lang si Marga, ha?"

Hinila siya ni Damon palayo sa pinto at itinulak sa kama. Nabitawan niya ang mga bags at bumagsak ang mga iyon sa sahig.

Napasigaw si Dawn at agad niyang niyakap ang sarili. "No! What are you planning to do with me?"

Parang naalibadbaran na tiningnan siya ng lalaki. "Don't flatter yourself."

She scowled. Grabe ha, kung maka-'don't flatter yourself' ito, ang tigas ha.

Ibinaba nito ang phone. "Where is she?"

"Hindi ko alam."

"Where is she?"

"Hindi ko—"

"Where the hell is she!"

"Nasa Paris!"

Isinubsob ni Dawn ang mukha sa mga palad. Damn it! Ano ba'ng iniisip ni Marga? Alam naman nitong hindi siya pwedeng pagkatiwalaan ng ganitong sensitibong sekreto. Kaunting torture lang

at ipagkakanulo niya kahit ang mahal niyang mama, papa at kuya.

Noong ten years old siya, isiniwalat niyang hindi pa nasi-circumcise ang noon ay nasa high school na niyang kuya. Tinakot kasi siya ng mga kalaro nito gamit ang mga uod at bulate sa science garden nila sa school. She still felt guilty about that even now.

"Paris," ulit ni Damon. "'Ano'ng ginagawa niya ro'n?"

"Hindi ko alam."

"Ano'ng ginagawa niya ro'n?"

"Hindi ko—"

"What the hell is she—"

"May ka-affair siya!" Shit talaga.

Dumilim ang ekspresyon ng mukha ni Damon at tila nagbaga ang mga mata nito. Gusto niyang umiyak at magtago sa ilalim ng kama.

Don't shoot the messenger, please.

"An affair," Damon said. "A f*cking affair. Goddamn it." Kumuyom-palad ang lalaki at tumingala na para bang sumasamo ng pasensya. "I know she's not very bright, but how can she be this stupid?"

Yes, stupid! Kay Marga dapat ito magalit at hindi sa kanya. Could she go now, please?

Maingat siyang umurong sa gilid ng kama.

Bumalik ang matalas na tingin sa kanya ng binata at napaurong siyang muli.

"Cool ka lang, please. Wala akong alam, promise. Medyo weird si Marga lately pero hindi ko alam 'yung tungkol sa lalaki. Ngayon ko lang din nalaman. Pinapunta niya 'ko dito, all expenses paid, para daw sa bakasyon. Wala 'kong alam, promise."

"Get dressed."

"Please, wala 'kong alam—"

"I said get dressed. Darating na ang plane nina Lardizabal."

Gusto niyang sabunutan ang sarili. Ano ba ang pinagsasasabi nito? "Damon, alam kong shocked ka at nasasaktan—"

Marahas itong tumawa at dumukwang para ilapit ang mukha sa kanya. Awtomatiko siyang napaurong at napahiga sa kama. Tila malamig na apoy ang mga mata nito.

"Nasasaktan?" Napakahinahon ng boses nito na pakiramdam ni Dawn ay galing iyon sa kailaliman ng impyerno. "Tingin mo nasasaktan ako? You think this is about feelings? You think this is about something as indecisive and petty as love? This is about my name, my reputation, my goddamn multi-million dollar deal on the line. I will not let some stupid bitch ruin this for me. Not her, not anyone. Now, Dawn, get dressed. You're right. You're just an innocent bystander, but I'm so pissed right now I'd vent out on just about anyone. I can make your life a living hell. Do you want to test

that theory?"

Dumerecho ito ng tayo at kalmadong inayos ang perpektong linya ng polo nito.

God, what an asshole.

"I'll have someone bring a dress for you. Don't test me right now. You're not going to like it." Walang lingon na nilisan ni Damon ang kwarto.

Pakiramdam ni Dawn ay kinuhanan siya ng ilang litrong dugo. Nanghihina siya at nahihilo. Tulala siyang napatitig sa vaulted timber ceiling.

Hindi niya alam kung sino ang dapat niyang sisihin sa sitwasyong ito: si Marga na ipinain siya at walang konsyensyang nagtraydor sa long-time boyfriend nito o si Damon na mukhang incarnation yata ng sampung masasamang ispiritu.

O ang sarili niya dahil mukhang mas may spine pa sa kanya ang mga literal na spineless na uod at bulate.